# Ibig Mo Bang Gumaling?

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez-Founder Elder
Abril 27, 2024

Tinanong ni Hesus ang lalaking paralitiko, gusto mo bang gumaling? "Bumangon ka, buhatin mo ang iyong higaan at lumakad," (Juan 5:6-8). Ang karamdaman ay isang simbolikong pakikibaka habang tayo ay nasa lupa. Hindi ito maiiwasan dahil tayo ay nakalantad sa tiwaling mundo. Higit pa rito, ito ay paalala sa atin na umaasa sa Diyos. Kaya dapat magtiwala tayo at manalig sa Kanya bilang isa Siyang dakilang manggagamot.

**1. Si Hesus ang pinakadakila at banal na manggagamot.**

1.1. Nagmakaawa ang isang lalaking may ketong para pagalingin siya. Naawa si Hesus at siya'y pinagaling (Marcos 1:40-41).

1.2. Nakaratay noon ang biyenan ni Pedro dahil sa matinding lagnat, at ito ay agad nilang sinabi kay Hesus. Nilapitan ni Hesus ang babae, hinawakan sa kamay at ibinangon. Noon din nawala ang lagnat at naglingkod sa kanila (Marcos 1:30-31).

1.3. Ang alipin ng isang kapitang Romano ay naparalisis. Siya'y nakaratay at lubhang nahihirapan. "Paroroon ako at pagagalingin siya" sabi ni Hesus. Ngunit sumagot sa Kanya ang kapitan, "Ginoo, hindi po ako nararapat puntahan Ninyo sa aking bahay. Sabihin po lamang Ninyo at gagaling na ang aking alipin. Noon din gumaling ang alipin ng kapitan (Mateo 8).

1.4. Napakaraming pagkakataong nagpagaling si Hesus ng mga taong may sakit sa Kanyang panahon: nakakita ang bulag, nakalakad ang pilay, ang mga may sakit sa balat ay naging makinis at ang bingi ay nakarinig, at ang namatay ay muling nabuhay. Naihayag ang Mabuting Balita sa mga mahihirap (Mateo 11:5).

1.5. Ang ating elder na si Sis. Techie ay isang *cancer survivor* (Marso 2015). Hindi siya nagreklamo; sa halip, nagpasalamat sa Diyos dahil alam niya na ang kanyang sakit ay hindi hahantong sa kamatayan at niluwalhati niya ang Pangalan ni Hesus para sa kanyang kagalingan.

**2. Palaging may kagalingan sa pangalan ni Hesus.**

2.1. Nangako Siya, "Hindi kita iiwan at ako ay makakasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon" (Mateo 28:20).

2.2. Sa pagbaba ng Banal na Espiritu sa atin, tayo'y binigyan ng karapatang ipanalangin ang mga may sakit at ipatong ang ating mga kamay para sa kanilang kagalingan. Gagamitin ng Diyos ang ating kamay, paa, bibig upang maging kasangkapan Niya sa pagpapagaling ng lahat ng uri ng karamdaman.

2.3. Sinabi ni Hesus na dalhin ang ating banig at lumakad; itapon ang ating banig ng tukso, kasamaan, imoralidad (pakiki-apid sa pagitan ng mag-asawa, at sa maling relasyon) pagnanasa, pagkagumon. Nais ng Diyos na palayain tayo sa ating lumang buhay at isuko ang lahat sa Kanya. Kapag tayo ay nabago na, ibubuhos ng Banal na Espiritu ang iba't ibang uri ng kaloob. Pagkakalooban Niya tayo ng kakayahang magsalita upang mangaral at maging saksi sa mabubuting gawa at himalang ginawa ni Hesus sa atin.

**3. Magpasalamat tayo at magkaroon ng utang na loob.** Huwag maging tulad ng paralitiko na walang utang na loob, pagkatapos siyang pagalingin ni Hesus. Bilang isang tapat na miyembro ng ating komunidad, hikayatin natin ang bawat isa na laging dumalo sa ating mga pagtitipon (Hebreo 10:24-25). Ito ang ating pamilya, ipagdasal at suportahan natin ang bawat isa dahil ito ang ating tahanan kung saan dito nananahan si Hesus.

**Konklusyon:** Hindi natin maihihiwalay ang pagpapagaling sa kasunduan ni Hesus. Siya ang Diyos na nagpapagaling. "Ilalayo ko kayo sa anumang karamdaman at bibigyan ko kayo ng mahabang buhay" (Ex.23:25-26). Bilang mga Kristyano, ang ating paniniwala ay naka-ugat sa ating pananampalataya sa Diyos at kay Hesukristo. Kaya dapat tayo'y tumindig at dalhin ang ating higaan, at iwan ang lumang buhay. Ituon ang ating mga mata kay Hesus at maghangad ng gantimpala mula sa langit. Huwag aksayahin ang oras sa paggawa ng di-mabuti at huwag magkasala, gaya ng ipinag-uutos sa atin ni Hesus.

**Pagninilay:** 1. Tinatanggap mo ba si Hesus bilang iyong manggagamot at tagapagligtas? 2. Paano mo luluwalhatiin si Hesus sa lahat ng ginawa Niya sa buhay mo?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Thess P. Sarmiento. **Na-edit ni:** Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings /digests**
Tags:#Pagpapagaling